# Mga rules para sa paggamit ng International Driving Permit sa Japan

## ●Maaari kayong kasuhan ng "Driving without license"●

Maaari kayong kasuhan ng "Driving without license" at patawan ng pagkakabilanggo nang hindi hihigit sa tatlong taon o multang hindi hihigit sa 500,000 yen kapag gumamit kayo ng international driving permit na hindi sumusunod sa mga tuntunin sa Japan. Kailangan ninyong sundin ang mga rules na ito kahit ano man ang nationality ninyo.

【Mga dapat sundin】

・Ang international driving permit ninyo ay dapat in-issue ng bansang kasali sa Geneva Convention at dapat ding sumunod sa format o design na nakatakda sa Annex 9 o Annex 10 ng nasabing Convention.

・Ang international driving permit ninyo ay dapat wala pang isang taon mula sa araw ng pag-issue nito. At dapat nasa Japan din kayo sa loob ng panahon ng validity ng international driving permit.


・Sa pagkuha ninyo ng unang international at sa pag-rerenew man din, dapat nasa labas kayo ng Japan nang tatlong buwan o higit pa.

**Paalala sa mga Japanese national at sa mga mid term o long term resident!**

Kung wala kayong tatlong buwan sa bansang pinagkunan ninyo ng international driving permit at babalik kayo sa Japan, hindi ninyo puwedeng gamitin ang kinuha ninyong international driving permit.


■ Puwede kayong gumamit ng international driving permit.






■ Hindi kayo puwedeng gumamit ng international driving permit.






Saitama Prefectural Police